




3 ANG PAMUMUHAY SA PAARALAN

(1) ISANG ARAW NA PAMUMUHAY SA PAARALAN

① ISANG ARAW NG MAG-AARAL

Sa mga paaralan ng Japan ang lahat ay namumuhay na nag-iingat sa oras.

※Magtanong sa paaralan at isulat ang oras.

<div style="border: 1px solid black; width: 100px; height: 20px; margin: 0 auto; display: flex; justify-content: center; align-items: center;">:</div> <p>Pagpasok</p>  <p>Dumaan sa itinakdang daanan papunta sa paaralan</p>	<div style="border: 1px solid black; width: 100px; height: 20px; margin: 0 auto; display: flex; justify-content: center; align-items: center;">:</div> <p>Meeting sa umaga</p>  <p>Tinitingnan ang kalusugan o umaawit. Nagsasalita ang homeroom teacher.</p>	<div style="border: 1px solid black; width: 100px; height: 20px; margin: 0 auto; display: flex; justify-content: center; align-items: center;">:</div> <p>Simula ng klase</p>  <p>Nagsisimula ang pagkaklase 1 subject 45 minutos. Sa umaga 4 na subjects.</p>
---	--	---

※Kung hindi papasok, mahuhuli ng pagpasok, o uwi nang maaga dahil sa pagkakasakit o pangyayari sa loob ng bahay, kinakailangang ipalam sa paaralan.




→P 4 9 Sa umaga sulatan ang “CARD NG PABATID PARA SA

PAARALAN” at ipadala ito sa paaralan. Maaaring ipadala ang card na ito sa papasok na kapatid o kaibigan.



※Nakatakda ang oras ng pagpasok sa bawat paaralan. Lumabas ng bahay sa oras na makakarating sa paaralan nang 5 minutos bago magsimula ang klase.


※Sa 1 buwan may isinasagawang meeting sa buong paaralan. Kailangang magtipon tipon Ang mga mag-aaral sa playground o gymnasium. Pakikinggan ang sasabihin ng mga guro, Umaawit o naglalaro.

<div style="border: 1px solid black; width: 100px; height: 20px; margin: 0 auto; display: flex; justify-content: center; align-items: center;">:</div> <p>School lunch</p>  <p>Masayang kakain ng parehong pagkain ang lahat na mag-aaral at guro. Palitan ang tagapag-silbi ng pagkain.</p>	<div style="border: 1px solid black; width: 100px; height: 20px; margin: 0 auto; display: flex; justify-content: center; align-items: center;">:</div> <p>Pahinga sa tanghalian</p>  <p>Naglalaro sa playground. Nagbabasa ng libro sa aklatan</p>	<div style="border: 1px solid black; width: 100px; height: 20px; margin: 0 auto; display: flex; justify-content: center; align-items: center;">:</div> <p>Paglilinis</p>  <p>Pinaghahati ang paglilinis. Pinagbubuti ng lahat ang paglilinis.</p>
---	---	--

※ Ang oras ng pahinga ay sa gitna ng bawat klase. May paaralan din na ang pahinga ay 20 minutos pagkatapos ng ikalawang klase.

May mga batang nakatalagang tagapagsilbi.

Magsusuot sila ng nakatakhang apron, dadalhin ang pagkain at ipapamahagi sa mga kaklase. (Tingnan ang page 34)



※Maaaring padadalhin ng baon ang mga mag-aaral sa mga araw bago o pagkaraan ng summer vacation, winter vacation, spring vacation o kung may event sa paaralan. Ipapaalam ng paaralan sa mga mag-aaral kung kailan magdala ng baon.

HALIMBAWA NG BAON.




※ Inihahanda at inaayos ang baon ng bawat pamilya.



※Ang pangunahing pagkaing maaaring ilagay sa lalagyan ng baon ay kanin, onigiri, tinapay, sandwich at iba pa. Ang ulam ay maaaring karne, gulay o prutas at iba pa. Pagpapasiyahan ng bawat pamilya ang laki ng baon ayon sa laki, edad, at gana sa pagkain ng bata. Dalhin ang baon sa paaralan na nakabalot.

※Habang kumakain, madalas na laman ng pag-uusap ng mga magaaral ang baon kaya' t ayusin ang baon sa bahay para masiyahan ang bata.

※Sa karaniwang araw, ipinagbabawal ang magdala ng pagkain (baon o miryenda) sa paaralan liban sa araw na kailangang magdala ng baon. Hindi maaaring kumain ng meryenda kahit sa oras ng pahinga.

<p style="text-align: center;">_____</p> <p style="text-align: center;">Simula ng klase sa hapon</p>  <p>Simula ng ika-5 klase. sa hapon may klaseng 1 ~ 2 oras.</p>	<p style="text-align: center;">_____</p> <p style="text-align: center;">Meeting bago uwian. Club activities</p>  <p>Tingnan ang plano para sa susunod na araw at isulat ito sa schedule notebook, maaaring may club activities ang grade 5 • 6</p>	<p style="text-align: center;">_____</p> <p style="text-align: center;">UWIAN</p>  <p>Uuwi sa sariling tirahan. siguraduhing gawin ang assignment at ihanda ang mga dadalhin para sa susunod na araw.</p>
---	---	--

※Sa bahay, kailangang magkasamang tingnan ng magulang at anak ang schedule notebook at siguraduhin ang assignment at mga dadalhing bagay.

※Ang grade 5 • 6 ay maaaring may club activities sa oras ng pahinga sa umaga at tanghalian o pagkatapos ng klase sa hapon. Iba sa bawat paaralan ang komite para kalusugan at komite para sa mga libro.



Halimbawa ng Gawain ng miyembro ng komite ng mga libro.